

Distrito ng Hangin ng Bay Area: People's Air Grant Program

Mga Buod ng Proyekto (Tagal ng Grant: Enero 2027 – Enero 2029)

Ang mga proyekto ay nakalista nang paalpabeto ayon sa awardee. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa People's Air Grant Program, bumisita sa www.baaqmd.gov/peoplesairgrant.

Awardee	Pamagat ng Proyekto	(Mga) Lokasyon ng Iminumungkahing Proyekto	Paglalarawan sa Proyekto	Kabuuang Grant
<u>ARISE High School</u>	Inisyatiba sa Kalusugan Kaugnay ng Hangin sa Fruitvale	Komunidad ng Fruitvale sa East Oakland (Alameda County)	Ang Inisyatiba sa Kalusugan Kaugnay ng Hangin sa Fruitvale ng ARISE High School ay magsasanay ng mga bilingual na mag-aaral na Community Health Worker mula sa komunidad ng Fruitvale sa East Oakland para maghatid ng edukasyon sa kalusugan tungkol sa kalidad ng hangin at outreach sa mga residenteng mababa ang kita sa komunidad. Ang proyekto ay batay sa Landas ng Kalusugan ng Publiko at Komunidad at mga partnership ng ARISE sa La Clínica de la Raza at Tracking California para maikonekta ang mga residenteng apektado ng polusyon sa impormasyon at mga resource para sa kalusugan.	\$200,000
<u>Belle Haven Action</u>	Pagpapalit ng Air Filtration at Mga Kit para sa Matinding Init	Komunidad ng Belle Haven sa Menlo Park (San Mateo County)	Para malabanan ang mga tumitinding panganib sa klima, papalawakin ng Belle Haven Action ang inisyatiba nito na Extreme Heat Resilience para maprotektahan ang mga bulnerableng residente mula sa pinagsamang panganib ng matinding init at hindi magandang kalidad ng hangin. Ang proyekto ay mamamahagi ng mga cooling safety kit, magbibigay ng mga de-kalidad na air filtration system sa bahay, at mag-aalok ng tuluy-tuloy na pagmementina para mabawasan ang mga	\$150,000

			naiiwasang krisis sa kalusugan at palakasin ang pangmatagalang katatagan ng komunidad.	
<u>Canal Alliance</u>	2026 Proyekto ng Nuestro Canal, Nuestro Futuro sa Malinis na Hangin na Pinangungunahan ng Komunidad	Komunidad ng Canal sa San Rafael (Marin County)	Ang 2026 Proyekto ng Nuestro Canal, Nuestro Futuro (NCNF) sa Malinis na Hangin na Pinangungunahan ng Komunidad ay nakikipagtulungan sa mga residente sa komunidad ng Canal sa San Rafael - na isang lugar na lubhang apektado ng polusyon sa hangin - na tumukoy ng mga solusyon sa malinis na hangin at katatagan sa klima na pinamumunuan ng komunidad. Sa pamamagitan ng bilingual na edukasyon, pagpapaunlad ng pamumuno, at pakikipag-ugnayan sa mga residente, binubuo ng NCNF ang pakikilahok ng komunidad sa pagpapalano ng kalidad ng hangin at nagsusulong ito ng mga patas na estratehiya na nagpapabuti sa kalusugan ng publiko at nakakabawas sa pagkakalantad sa polusyon.	\$200,000
<u>Charity Cultural Services Center (CCSC)</u>	Programa sa Kalidad ng Hangin sa Single Room na Occupancy sa Chinatown	Chinatown (San Francisco)	Ang proyektong ito (na isang pakikipagtulungan sa ilang organisasyong nakabase sa komunidad) ay bilingual na susuporta sa mga residenteng mababa ang kita sa Chinatown sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga residente ng single room occupancy tungkol sa kalidad ng hangin at kung paano ito mapapaganda sa kanilang mga tahanan. Kami ay mamamahagi ng mga air purifier, magsasagawa ng mga workshop tungkol sa kalidad ng hangin, kung paano ito nakakaapekto sa kalusugan, at magbabahagi ng lokal na data ng hangin para mapabuti ang mga resulta sa kalusugan at mapalawak ang kamalayan ng komunidad.	\$200,000

<u>Climate Resilient Communities</u>	Proyekto sa Kalidad ng Hangin ng Komunidad ng Midpeninsula at South Bay	East San Bruno, East Palo Alto, East San Jose (San Mateo at Santa Clara County)	Ang Climate Resilient Communities ay nakikipagtulungan sa mga lokal na organisasyong nakabase sa komunidad para maisulong ang katarungan sa kalusugan nang nakatuon sa kalidad ng hangin. Ang proyektong ito ay nagbibigay sa mga bulnerableng residente ng mga instrumento at edukasyong kailangan para masubaybayan, maunawaan, at mabawasna ang mga epekto ng hindi magandang kalidad ng hangin sa loob at labas ng kanilang mga tahanan sa pamamagitan ng estratehikong pamamagitan na idinisenyo nang isinasaalang-alang ang kanilang komunidad at kalusugan.	\$400,000
<u>Eden Youth and Family Center</u>	Network para sa Malinis na Hangin at Katatagan ng Central na County	Hayward, San Leandro, at mga hindi incorporated na komunidad sa Central na Alameda County (Alameda County)	Ang Network para sa Malinis na Hangin at Katatagan ng Central na County ay magbabawas ng pagkakalantad sa polusyon sa hangin sa mga apektadong komunidad sa buong Hayward, San Leandro, at hindi incorporated na Alameda County sa pamamagitan ng pagsubaybay sa hangin ng komunidad, edukasyong multilingual, pamumuno ng kabataan, mga resource ng filtration para sa high efficiency particulate air (HEPA), at suporta para sa malinis na hangin. Ang proyekto ay magbibigay ng lokal na data sa kalidad ng hangin, magbibigay sa mga residente ng mga praktikal na instrumento para mabawasan ang pagkakalantad, at susuporta ng mga mas matatag na komunidad na malayo sa sakit.	\$400,000

<u>Glad Tidings Community Development Corporation</u>	Inisyatiba ng Ambassador ng Kalusugan Kaugnay ng Hangin sa Komunidad	South Hayward at iba pang apektadong lokasyon (Alameda County)	Ang Inisyatiba ng Ambassador ng Kalusugan Kaugnay ng Hangin sa Komunidad ay magsasanay ng mga Community Health Worker, boluntaryo, lider ng pananampalataya, at residenteng ambassador para maturuan ang mga bulnerableng komunidad sa Bay Area tungkol sa mga epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin, kalidad ng hangin indoors, paghahanda para sa usok ng wildfire, at mga estratehiya sa pag-iwas sa polusyon. Sa pamamagitan ng mga workshop, programming ng resilience hub, at edukasyong tumutugon sa kultura, papalawakin ng proyekto ang kaalaman sa kalusugan ng kapaligiran at babawasan nito ang mga disparity sa kalusugan na may kaugnayan sa polusyon.	\$150,000
<u>Healthy Black Families, Inc.</u>	Inisyatiba sa Pamumuno ng Kabataan sa Katarungang Pangkapaligiran & Pagsubaybay sa Hangin ng Komunidad	South Berkeley/ North Oakland (Alameda County)	Ang Healthy Black Families, Inc. ay nagmumungkahi ng inisyatiba sa hustisyang pangkapaligiran na pinamumunuan ng kabataan kung saan pinagsasama-sama ang edukasyon sa kalidad ng hangin, pakikipag-ugnayan sa mga residente, at pagsubaybay sa hangin na isinusulong ng komunidad para matugunan ang hindi patas na epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin sa kalusugan ng mga komunidad na may mababang kita. Sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng pamumuno, pangongolekta ng data sa kalidad ng hangin, at mga rekomendasyong may kaalaman sa komunidad, tuturuan ng mga lider na kabataan ang mga residente, at makikipagtulungan sila sa mga lider ng munisipyo at mga kasosyo sa komunidad para maisulong ang mga komunidad na mas malusog at mas makatarungan sa kapaligiran.	\$400,000

<u>Latinas Contra Cancer</u>	Inisyatiba ng Komunidad sa Kalidad ng Hangin Indoors para sa Mga Bata, Pamilya, at Nakatatanda	Mga komunidad sa San Jose ng Plata Arroyo, Seven Trees, Cassel, at East San Jose (Santa Clara County)	Tutugunan ng Latinas Contra Cancer (LCC) ang mga nakalalasong kemikal sa mga pasilidad ng pangangalaga sa bata sa Lungsod ng San Jose, na sumusuporta sa mga bata, pamilya, at manggagawa sa intersection ng pagkakapantay-pantay sa kalusugan, hustisyang pangkapaligiran, at katatagan sa klima. Sa pagsasanay ng mga Promotora na magturo sa mga miyembro ng komunidad at operator ng pasilidad sa pangangalaga ng bata tungkol sa mga babalang senyales, mapapabuti ng LCC ang kalusugan ng mga marginalized na bata at pamilyang may mababang kita.	\$400,000
<u>Pars Equality Center</u>	Malinis na Hangin at Malulusog na Tahanan para sa Mga Pamilyang Refugee at Immigrant	Santa Clara County at Alameda County, na pangunahing nakatuon sa San Jose at Fremont (Alameda County at Santa Clara County)	Magbibigay ang Pars Equality Center ng edukasyon sa kalidad ng hangin na iniangkop sa kultura at wika, outreach sa etnikong media, at pamamahagi ng mga residensyal na air purifier para sa mga komunidad ng mga refugee at immigrant na mababa ang kita sa Alameda County at Santa Clara County. Tutulungan ng proyekto ang mga vulnerableng pamilya, nakatatanda, at mga bagong dating na bawasan ang kanilang pagkakalantad sa polusyon sa hangin at pabutihin ang mga resulta sa kalusugan sa pamamagitan ng mga workshop sa komunidad, mga kampanyang pang-edukasyon na multilingual, at suporta para sa kalidad ng hangin sa loob ng bahay.	\$150,000
<u>Rising Sun Center for Opportunity</u>	Mga Green House Call na Pinamumunuan ng Kabataan para sa Mitigasyon at Edukasyon sa Polusyon sa Hangin	Mga komunidad na nakakaranas ng kawalang-katarungan sa kapaligiran sa Concord, Pittsburg, Antioch, Oakland, San Francisco, Santa Rosa, at/o San Jose	Isasama ng Rising Sun Center for Opportunity ang edukasyon sa malinis na hangin at mga hakbang para sa mitigasyon sa programa nito na Climate Careers, na magsasanay sa kabataan bilang mga ambassador ng malinis na hangin na bibisita sa daan-daang tahanan sa mga apektadong komunidad. Ang bawat sambahayan ay makakatanggap ng portable na induction cooktop, air purifier, at mga door sweep at weatherstripping para mapabuti ang kalidad ng hangin sa loob ng bahay, habang tuturuan ng kabataan ang mga residente tungkol sa polusyon sa hangin, electrification,	\$150,000

		(Alameda, Contra Costa, San Francisco, Santa Clara, at/o Sonoma County)	atugnayan sa pagitan ng kalidad ng hangin at kalusugan.	
<u>Visión y Compromiso</u>	Respira Profunda/ Breathe Deep	I-880 corridor kabilang ang hindi incorporated na San Lorenzo, Cherryland, Hayward, at/o Newark (Alameda County)	Babawasan ng Visión y Compromiso ang epekto ng polusyon sa hangin sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga pinagkakatiwalaang promotora sa Alameda County para maabot ang mga bulnerableng indibidwal (mga buntis, magulang at tagapag-alaga ng mga batang 0-5 taong gulang, mga taong may kapansanan, mga taong may malubhang sakit, mga nakatatanda). Maghahatid ang Respira Profunda/Breathe Deep ng mga workshop sa Mainam na Hangin para mapabuti ang kalidad ng hangin indoors, ihahatid nito ang Mga Serbisyon Pang-iwas sa Hika ng California Advancing and Innovating Medi-Cal (CalAIM) sa mga kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal, at magsisilbi itong tulay sa pag-access sa mga resource.	\$200,000